APOSTOLIC DISCIPLESHIP COURSE

# KURSO SA PAGDIDISIPULO

## UNANG BAITANG

**(SA WIKANG TAGALOG)**

Raymart C. Lugue

# PAUNANG SALITA

Purihin ang Dios!

Kung ang munaklat na ito’y iyong hawak-hawak, nangangahulugan lamang na ika’y interesadong matuto upang lumalim ang iyong pagkakilala sa Dios at upang lumago ang iyong ugnayan sa Kaniya.

Marahil ito ang una mong pagkakataon na pagaralan ang mga katuruan sa Biblia, o di kaya’y katatanggap mo pa lamang sa Panginoon sa pamamagitan ng bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus. Nais kong ipaalam sa iyo na hindi kalooban ng Dios na matapos ang iyong pagkakilala sa Kaniya sa yugtong ito. Ito ay simula pa lamang ng iyong mas malalim na pagkakilala at relasyon sa Dios.

Habang iyong ibinibigay ang iyong sarili – ang iyong panahon at pagsisikap – sa Salita ng Dios, ako’y nananampalataya na bubuksan ng Dios ang iyong pangunawa at puso upang Siya’y iyong masumpungan. Pangako ng Dios sa atin sa Jeremias 29:13 “*At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso.”*

Ako’y nagagalak at nagpapasalamat sa Dios sa pagkakataon na ika’y samahan sa iyong pagaaral ng Salita ng Dios. Anuman ang iyong katanungan ukol sa mga araling ito at iba pa ay lugod na sasagutin sa tulong ng Panginoon.

Maraming salamat at nawa’y pagpalain ka ng Dios.

***“Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka’t iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito’y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin.” (Juan 5:39)***

# YUGTO I

# MGA PANGUNAHING KATURUAN NG BIBLIA

# ARALIN 1
## ANG BIBLIA

### I. Panimula

***A. Ang Biblia ay tinatawag rin na:***

1. Mga Kasulatan – II Timoteo 3:16
2. Ang Salita ng Diyos – Marcos 7:13
3. Ilawan – Mga Awit 119:105
4. Tubig – Juan 15:3
5. Tabak – Mga Taga Efeso 6:17

***B. Ang Kapangyarihan/Autoridad Nito:***

- "kinasihan ng Diyos" (II Timoteo 3:16) – hiningahan ng Diyos
- "Sinalita ng Dios ang lahat ng salitang ito" (Exodo 20:1)
- "Sinulat ni Moises ang… salita ng Panginoon" (Exodo 24:4)
- "Sinalita ng Panginoon…" (Isaias 1:2)
- "Ang salita ng Panginoon ay dumating sa akin" (Jeremias 1:4)
- "Inilagay ko ang Aking mga salita sa iyong bibig" (Jeremias 1:9)

### II. Nilalaman

***A. Ang Kahalagahan ng Biblia***

1. Ito ay pagkain ng ating kaluluwa (Mateo 4:4)
2. Ito ay para sa ating espiritwal na paglago (1 Pedro 2:2)
3. Binibigyan tayo nito ng gabay (Mga Awit 119:105)
4. Inilalayo tayo sa paggawa ng kasalanan (Mga Awit 119:11)
5. Ito ang susi sa mga pagpapala ng Dios (Josue 1:8)
6. Dinadagdagan nito ang ating pananampalataya (Mga Taga-Roma 10:17)

### III. Pangwakas

***A. Ano ang ating dapat gawin sa Biblia?***

1. "Hanggang ako'y pumariyan…<u>pagbasa</u>" (I Timoteo 4:13)
2. "Ang aklat na ito… iyong <u>pagbubulayan</u>" (Josue 1:8)
3. "<u>Saliksikin</u> ninyo ang mga kasulatan" (Juan 5:39)
4. "<u>Pagaralan</u>" (II Timoteo 2:15)
5. "Maging <u>tagatupad</u> kayo ng salita" (Santiago 1:22)

### Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata

- Ang ________ ng Dios ay buhay at ________ (Mga Hebreo 4:12)
- Ang aking salita ay parang _________? (Jeremias 23:29)
- Mapalad ang __________ at ang nangakikinig (Apocalipsis 1:3)
- Sapagka't hindi sa kalooban ng tao dumating ang _______ kailanman…ang tao ay nagsalita buhat sa ______ (II Pedro 1:21)

# ARALIN 2
## ANG TAO

**I. Panimula**

***A. Sino ang naglikha sa tao?***

- "at nilalang ng Dios ang tao…" (Genesis 1:27)
- "At nilalang ng Panginoong Dios ang tao…" (Genesis 2:7)
- "isang Dios ang lumalang sa atin…" (Malakias 2:10)

***B. Ang Tao ay Nilikha ayon sa Wangis ng Dios***

*Ang salitang "wangis" ay "tsalem" sa wikang Hebreo na ang ibig sabihin ay "kalikasan"

- "At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis" (Genesis 1:26)

**II. Nilalaman**

***A. Mga Bahagi ng Tao (Genesis 2:7; I Taga-Tesalonica 5:23)***

1. Alikabok o Laman – ang pisikal na bahagi ng tao; pisikal na kamalayan sa pamamagitan ng mga pandama; laman, dugo at mga buto
2. Hininga o Espiritu – isang espiritwal na bahagi ng tao; maka-Diyos na kamalayan; binubuo ng budhi, wisyo, at komunyon
3. Kaluluwa – isang espiritwal na bahagi ng tao; makasarili o pangsariling kamalayan; binubuo ng kalooban, pag-iisip at damdamin

***B. Ang Plano ng Diyos sa Tao***

- Maging tagapangasiwa ng Dios (Genesis 1:28; Mga Awit 8:4-8)

**III. Pangwakas**

***A. Ang Pagkahulog ng Tao sa Kasalanan – Genesis 3:1-24***

***B. Ang Resulta ng Pagkahulog sa Kasalanan:***

1. Apat na Sumpa (Genesis 3:14-19)
2. Pagkahiwalay sa Dios (Genesis 3:24)
3. Pisikal, espiritwal at ikalawang kamatayan (Mga Hebreo 9:27; I Timoteo 5:6; Apocalipsis 21:8)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- Ang kamatayan at ang Hades… ito ang _____ (Apocalipsis 20:14)
- Iyong pinapagtataglay siya ng ___________… (Mga Awit 8:6)

# ARALIN 3
## ANG KASALANAN

### I. Panimula

***A. Ano ang Kasalanan?***

1 Juan 3:4 – "Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangsang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay <u>pagsalangsang sa kautusan.</u>"

Ang kautusan ay ang Salita ng Dios (Josue 1:8). Samakatuwid, ang kasalanan ay pagsalangsang sa Salita ng Dios.

***B. Mga Uri ng Kasalanan***

1. Kasalanang Ginawa – I Juan 5:17
2. Kasalanang Pagkukulang – Santiago 4:17

### II. Nilalaman

***A. Ang Lahat ay Nagkasala***

- "ang lahat ay nangagkasala…" (Mga Taga-Roma 3:23)
- "walang gumawa ng mabuti…" (Mga Awit 53:3)

1. Dahil sa kasalanan ni Adan (Mga Taga-Roma 5:12)
2. Dahil sa kalikasan ng tao (Mga Awit 51:5)
3. Ang ating katuwiran ay naging basahang marumi (Isaias 64:6)

***B. Ang Kabayaran ng Kasalanan***

1. Pagkahiwalay sa Dios - Isaias 59:2
2. Kamatayan – Mga Taga-Roma 6:23
   a. Kamatayang Pisikal – Mga Hebreo 9:27
   b. Kamatayang Espiritwal – I Timoteo 5:6
   c. Ikalawang (Walang Hanggan) Kamatayan – Apocalipsis 20:14

### III. Pangwakas

- Ang lahat ay nagkasala (Mga Taga-Roma 3:23)
- Tayo'y tila tupang ligaw dahil sa kasalanan (Isaias 53:6)
- Nararapat lamang na tayo'y magbayad sa kasalanan

### Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata

- Ang mga _____ at ang mga ______, na silang lahat ay nangasa ilalim ng kasalanan (Mga Taga-Roma 3:9)
- Sa pamamagitan ng pagsuway ng ______ tao ang marami ay naging mga __________ (Mga Taga-Roma 5:19)

# ARALIN 4
## ANG DIOS

### I. Panimula

- ***Pagka-Dios*** – ang banal na kalikasan ng Dios; mga katangian ng Dios; o paniniwala kung ano at sino ang Dios

***A. Ang Paniniwala sa Pagka-Dios ay isyung Pang-kaligtasan***

- "At sinabi sa kaniya ng eskriba, Sa katotohanan, Guro, ay mabuti ang pagkasabi mo na siya'y iisa… at si Hesus… sinabi niya sa kaniya, Hindi ka malayo sa kaharian ng Dios" (Marcos 12:32, 34)
- "Malibang kayo'y magsisampalataya na ako nga (*ang Cristo),* ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan" (Juan 8:24)

### II. Nilalaman

***A. Nagtuturo ang Lumang Tipan na Mayroon Lamang Iisang Dios***

- "ang Panginoon nating Dios ay iisang Panginoon." (Deut. 6:4)
- "inyong matalastas na ako nga; walang Dios na inanyuan na una sa akin, o magkakaroon man pagkatapos ko." (Isaias 43:10)
- "…ang Panginoon ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa" (Zacarias 14:9)

***B. Nagtuturo ang Bagong Tipan na Mayroon Lamang Iisang Dios***

- "…ang Dios ay iisa." (Mga Taga Galacia 3:20)
- "Isang Dios at Ama ng lahat" (Mga Taga Efeso 4:6)
- "Ikaw ay sumasampalataya na ang Dios ay iisa; mabuti ang iyong ginagawa" (Santiago 2:19)
- "…may isang luklukang nalalagay sa langit, at sa ibabaw ng luklukan ay may isang nakaupo" (Apocalipsis 4:2)

### III. Pangwakas

1. Si Abraham ay napili dahil sa kaniyang pagpayag na iwanan ang kaniyang paganong relihiyon (Genesis 12:1-8)
2. Pinarusahan ng Dios ang Israel dahil sa pagsamba nito sa mga diyus-diyosan (Mga Gawa 7:43)
3. Ang iglesia ay tagapagmana ng pananamplataya ni Abraham, dahil rito, nararapat na tayo'y magkaroon ng pananampalataya sa iisang Dios kagaya niya. (Mga Taga-Roma 4:13-17)

# ARALIN 5
# AMA, ANAK AT ESPIRITU SANTO

**I. Panimula**

***A. Ang Dios ay Espiritung Hindi Nakikita***

- “Walang taong nakakita kailanman sa Dios” (Juan 1:18)
- Ang Dios ay Espiritu (Juan 4:24)

**II. Nilalaman**

***A. Ama – Ang Dios sa Kaniyang Relasyon Bilang Magulang***

- “Hindi ba siya ang iyong ama na tumangkilik sa iyo” (Deut. 32:6)
- “Ikaw, Oh Panginoon, ay aming Ama” (Isaias 63:16)
- “Wala baga tayong lahat na isang ama? Hindi baga isang Dios ang lumalang sa atin? (Malakias 2:10)

***B. Anak ng Diyos – Pagkatao***

- “pinakipagkasundo tayo… sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak” (Mga Taga Roma 5:10)
- “Nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Dios ang kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na ipinanganak sa ilalim ng kautusan” (Mga Taga Galacia 4:4)
- “Ang Dios…sa pamamagitan ng kaniyang Anak…siyang… tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios” (Mga Hebreo 1:1-3)

***C. Espiritu Santo – Dios sa Pagkilos bilang Espiritu***

- “ang Espiritu ng Dios ay sumasa ibabaw ng tubig” (Genesis 1:2)
- “May…isang Espiritu…na siyang sumasa ibabaw sa lahat, at sumasa lahat, at nasa lahat” (Mga Taga Efeso 4:4,6)

***D. Ang Ama ay ang Banal na Espiritu***

- “nasumupungang siya’y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng Espiritu Santo” (Mateo 1:18)
- “Hindi kayo ang mangagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo’y magsasalita” (Meteo 10:20)

**Takdang Aralin**: Pagkumparahin ang mga sumusunod na talata:

1.) Mateo 10:20 at Marcos 13:11
2.) Juan 14:7 at Juan 14:23
3.) 1 Mga Taga Corinto 3:16-17 at 1 Mga Taga Corinto 6:19
4.) 1 Pedro 1:2 at Judas 1:1

# ARALIN 6
## ANG PAGKADIOS NI JESUCRISTO – UNANG BAHAGI

**I. Panimula**

***A. Sa Simula Pa Lamang ng Kaniyang Buhay Bilang Tao***

- “Ngunit ikaw, Bethlehem... mula sa iyo ay lalabas sa akin ang isa na magpupuno sa Israel; na ang pinagbuhatan niya ay mula nang una, mula nang walang hanngan.” (Mikas 5:2)
- “…ang dalaga’y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, at ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios” (Mateo 1:23)

**II. Nilalaman**

***A. Si Hesus ang Isang Dios na Nagkatawang-tao***

- “Sapagka’t sa atin ay ipapanganak ang isang bata… at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama” (Isaias 9:6)
- “Panginoon ko at Dios ko” (Juan 20:28)
- “Ang Dios kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa kaniya rin” (II Corinto 5:19)
- “Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita” (Colosas 1:15)
- “*ang Dios* ay yaong nahayag sa laman” (I Timoteo 3:16)
- “dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesucristo” (Kay Tito 2:13)

***B. Ang Banal na Kalikasan ni Hesus ay ang Ama***

- “Sapagka’t sa atin ay ipapanganak ang isang bata… at ang kaniyang pangalan ay…Walang hanggang Ama” (Isaias 9:6)
- “ikaw…ay aming Ama, aming Manunubos” (Isaias 63:16)
- “Ako at ang Ama ay iisa” (Juan 10:30)

**Takdang Aralin | Karagdagang Talata**

- Sinabi sa kaniya ni Felipe, Panginoon, ipakita mo sa amin ang ______... Sinabi sa kaniya ni Hesus, Malaon nang panahong ako’y inyong nakasama, at hindi mo ____ nakikilala, Felipe? (Juan 14:8-9)

**Pagkumparahin ang mga sumusunod na talata:**

1. Juan 2:19-21 at Mga Gawa 2:24
2. Juan 6:40 at I Mga Taga Corinto 6:14
3. Juan 6:44 at Juan 12:32

# ARALIN 7
## ANG PAGKADIOS NI JESUCRISTO – IKALAWANG BAHAGI

**I. Panimula – Balik Tanaw sa Unang Bahagi**

**II. Nilalaman**

***A. Ang Banal na Kalikasan ni Hesus ay ang Espiritu Santo***

- "At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw…sa makatuwid baga'y ang Espiritu…Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo" (Juan 14:16-18)
- "Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu" (II Corinto 3:17)

**Paghambing ng mga Talata:**

| JESUS | ESPIRITU SANTO/ESPIRITU |
|---|---|
| "Sumagot si Jesus…Igiba ninyo ang templong ito, at aking itatayo sa tatlong araw" (Juan 2:19) | "…ang Espiritu niyaong bumuhay na maguli kay Jesus…" (Mga Taga Roma 8:11) |
| "akin siyang ibabangon sa huling araw" (Juan 6:40) | "ang Espiritu…ang bumuhay na maguli kay Cristo…ay magbibigay buhay naman sa inyong katawang may kamatayan" (Roma 8:11) |

***B. Si Hesus ay si Jehovah (ang LORD/Panginoon sa KJV)***

- "Ganito ang sabi ng Panginoon kong Dios… Sa gayo'y kanilang tinimbangan ang kaupahan ko ng tatlong pung putol na pilak" (Zacarias 11:4, 12)
- "Sinabi sa kanila ni Jesus…Bago ipanganak si Abraham ay ako nga" (Juan 8:58)

**Paghambing ng mga Talata:**

| JEHOVAH | JESUS |
|---|---|
| "Sinabi ng Dios kay Moises… AKO YAONG AKO NGA" (Exodo 3:14) | "Sinabi sa kanila ni Jesus…Bago ipanganak si Abraham ay ako nga" (Juan 8:58) |
| "Oh mangangpasalamat kayo sa Panginoon ng mga panginoon (Mga Awit 136:3) | "At sa kaniyang kasuotan…isinulat…PANGINOON NG MGA PANGINOON" (Apocalipsis 19:16) |

**Takdang Aralin:** Pagkumparahin ang mga sumusunod na talata:

1. Isaias 40:3 at Mateo 3:3
2. Isaias 40:5 at I Mga Taga Corinto 2:8

# ARALIN 8
## ANG PANGALANG JESUS

### I. Panimula

***A. Ang Kahalagahan ng Pangalan – Kumakatawan ito sa:***

1. Katangian ng Dios – Exodo 6:3-7; Genesis 22:14; Exodo 15:26
2. Kapangyarihan ng Dios – Exodo 9:16; Josue 2:10-11
3. Autoridad ng Dios – Exodo 23:20-21; Amos 9:12
4. Hayag na presensya ng Dios – Exodo 20:24

### II. Nilalaman

***A. Ang Kataas-taasang Kapahayagan ng Dios sa Bagong Tipan***

- "sa araw na yao'y magiging ang Panginoon ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa" (Zacarias 14:9)
- "Kaya't makikilala ng aking bayan ang aking pangalan: kaya't matatalastas nila sa araw na yaon, na ako yaong nagsasalita; narito, ako nga" (Isaias 52:6)
- "…at siya'y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan; upang sa pangalan ni Jesus…" (Mga Taga Filipos 2:9-10)

***B. Ang Pangalang Nagliligtas***

- "…at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan" (Mateo 1:21)
- "At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas" (Mga Gawa 4:12)

### III. Pangwakas

1. Paggalang sa pangalan ng Dios (Deut. 28:58-59)
2. Hindi pagkalimot sa pangalan ng Dios (Psalms 44:20-21)
3. Pagpapala para sa mga taong nakakaalam at umiisip sa pangalan ng Dios (Mga Awit 91:14-16 at Malakias 3:16)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- …sa pamamagitan ng kaniyang __________ (Mga Gawa 10:43)
- At ipangaral sa kaniyang __________ ang pagsisisi at pagpapatawad ng __________... (Lucas 24:47)

# ARALIN 9
# ANG KALIGTASAN

**I. Panimula**

***A. Ano ang Kaligtasan?***

Ang kaligtasan ay ang *pagpapalaya* mula sa kapangyarihan at mga epekto ng kasalanan (Balikan ang Aralin 3 para sa kapangyarihan at mga epekto ng kasalanan)

***B. Ang Pangdaigdigang Pangangailangan ng Kaligtasan***

- “ang lahat ay nangagkasala nga…” (Mga Taga Roma 3:23)
- “ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan”(Mga Taga Roma 6:23)

**II. Nilalaman**

***A. Ang Dugo***

- Ang Pananamit ni Eba’t Adan – Genesis 3:21
- Ang Handog ni Abel – Genesis 4:3-5
- Ang Paskua – Exodo 12:1-7; 12
- Araw ng Pagtubos (Tabernakulo) – Levitico 16:31-34

***B. Ang Ginawang Pagtutubos ni Jesucristo***

- “di maaari na ang dugo ng mga baka at ng mga kambing ay makapagalis ng mga kasalanan” (Mga Hebreo 10:4)
- “ito ang aking dugo ng tipan, na nabuhos…sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan” (Mateo 26:28)
- “…ang Cordero ng Dios na nagaalis ng kasalanan…” (Juan 1:29)
- “…inaring-ganap…sa pamamagitan ng pagtubos na nasa kay Cristo Jesus” (Mga Taga Roma 3:24)
- “lasapin niya ang kamatayan dahil sa bawat tao”(Mga Hebreo 2:9)

**III. Pangwakas**

***A. Ang Kaligatsan ay sa pamamagitan ng Biyaya***

- “inaring-ganap…ng kaniyang biyaya” (Mga Taga Roma 3:24)
- “Sapagka’t sa biyaya kayo’y nangaligtas” (Mga Taga Efeso 2:8)
- “…ang biyaya ng Dios, na may dalang kaligtasan…” (Tito 2:11)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- nang tayo’y _____ pa, si ____ ay namatay (Mga Taga Roma 5:8)
- si Cristo ay namatay dahil sa _______ (I Mga Taga Corinto 15:3)
- maliban na sa pagkabuhos ng ________ (Mga Hebreo 9:22)

# ARALIN 10
## PANANAMPALATAYA

### I. Panimula

***A. Ang Kaligtasan ay sa Pamamagitan ng Pananampalataya***

- “sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya; Nguni’t ang ganap ay mabubuhay sa…pananampalataya” (Mga Taga Roma 1:16-17)
- “sa biyaya kayo’y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya” (Mga Taga Efeso 2:8)
- “Kung walang pananampalataya ay hindi maaaring maging kalugodlugod sa kaniya” (Mga Hebreo 11:6)

### II. Nilalaman

***A. Sa Pamamagitan Lamang ng Pananampalataya kay Jesucristo***

- “Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sangbahayan” (Mga Gawa 16:31)
- “Bagama’t naaalaman na ang tao ay hindi inaaring-ganap sa mga gawang ayon sa kautusan, maliban na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo” (Mga Taga Galacia 2:16)

***B. Ang Nagliligtas na Pananampalataya ay may Kasamang Pagsunod***

- “nagsitalima sa pananampalataya… saserdote” (Mga Gawa 6:7)
- “sa pagtalima sa pananampalataya” (Mga Taga Roma 1:5)
- “ipinakilala…upang magsitalima sa pananampalataya” (Mga Taga Roma 16:26)

### III. Pangwakas

***Ang Pananampalatayang Nagliligtas ay may Kasamang Karanasan ‘gaya ng sa Mga Gawa 2:38***

- “Mangagsisi, at magsisampalataya sa evangelio” (Marcos 1:15)
- “Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas…” (Marcos 16:16)
- “Tinanggap baga ninyo ang Espiritu Santo nang kayo’y magsisampalataya? …Kung gayo’y sa ano kayo binautismuhan? (Mga Gawa 19:2-3)

### Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata

- …malibang kayo’y ________ na ako nga ang Cristo…(Juan 8:24)
- naging mga ___________ sa puso doon sa uri ng aral (Roma 6:17)
- …kaligtasan ng lahat na mga ______ sa kaniya (Mga Hebreo 5:9)

# ARALIN 11
# PAGSISISI

## I. Panimula

### *A. Ano ang Pagsisisi?*

- Galling sa Griyegong salita na: "Metanoia" na ang ibig sabihin ay pagbaligtad ng pasya; kumpletong pagtalikod

### *B. Mga Elemento ng Pagsisisi*

1. Kabagbagan sa Pagsisisi – Mga Awit 51:17
2. Pagamin ng Kasalanan – Mga Kawikaan 28:13
3. Pagbabago ng Isip – Mga Gawa 26:18; Mga Taga Roma 12:2
4. Maka-Dios na Pighati – II Corinto 7:10

## II. Nilalaman

### *A. Bakit Kailangang Magsisi?*

- "Malibang kayo'y mangagsisi, ay mamamatay kayong lahat sa gayon ding paraan" (Lucas 13:3,5)
- "Mangagsisi kayo…upang mangapawi ang inyong mga kasalanan" (Mga Gawa 3:19)
- "…kundi mapaghinuhod sa inyo, na hindi niya ibig sinoman ang mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi" (II Pedro 3:9)
- "Magsisi ka nga; o kung hindi ay medaling paririyan ako sa iyo" (Apocalipsis 2:16)

### *B. Ang Utos na Magsisi*

- "nagpasimulang mangaral si Jesus..Mangagsisi kayo" (Mateo 4:17)
- "si Juan…ipinangaral ang bautismo ng pagsisisi" (Marcos 1:4)
- "sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo" (Mga Gawa 2:38)
- "ipinaguutos niya…na mangagsisi silang lahat" (Mga Gawa 17:30)

## III. Pangwakas

### *A. Ang Dios ay Nagpapatawad*

- "Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin…" (I Juan 1:9)
- "ang nagpapahayag…magtatamo ng kaawaan" (Kawikaan 28:13)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- At binigyan ko siya ng panahon upang ______(Apocalipsis 2:21)
- Narito, akin siyang iniraratay… maliban na kung sila'y ___________ sa kaniyang mga gawa (Apocalipsis 2:22)

# ARALIN 12
## BAUTISMO SA TUBIG – UNANG BAHAGI

**I. Panimula**

***A. Tipolohiya sa Lumang Tipan***

- "ang ating mga magulang…ay nangabautismuhan kay Moises sa alapaap at sa dagat" (I Mga Taga Corinto 10:1-2)
- "At sinabi ng Panginoon kay Moises…papagbanalin mo sila ngayon…at labhan nila…" (Exodo 19:10)

**II. Nilalaman**

***A. Ang Kahalagahan at Pangangailangan***

- "Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi…ay parurusahan" (Marcos 16:16)
- "Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig… ay hindi siya makakapasok sa kaharian ng Dios." (Juan 3:5)
- "…mangagbautismo ang bawat isa sa inyo… sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan (Mga Gawa 2:38)
- "… ang lahat na sa inyo ay binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo." (Mga Taga Galacia 3:27)

***B. Para sa mga Nagsising Mananampalataya***

- "Sinabi nga niya sa mga karamihang angsisilabas upang mangagpabautismo…kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi" (Lucas 3:7-8)
- "Mangagsisi kayo, at mangagbautismo…" (Mga Gawa 2:38)
- "Yaon ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan…" (Acts 2:41)
- "at marami sa mga taga Corinto na sa pakikinig ay nagsisampalataya, at… nangabautismuhan" (Mga Gawa 18:8)

**III. Pangwakas**

- Ang utos na mabautismuhan – Mga Gawa 10:48

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- Magtindig ka, at ikaw ay ____________, at hugasan moa ng iyong mga ____________ (Mga Gawa 22:16)
- Na ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas, sa makatuwid baga'y ang ___________ (I Pedro 3:20-21)

# ARALIN 13
## BAUTISMO SA TUBIG – IKALAWANG BAHAGI

**I. Panimula – Balik Tanaw sa Unang Bahagi**

**II. Nilalaman**

***A. Ang Paraan ng Bautismo: Paglubog sa Tubig***

- "At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig…" (Mateo 3:16)
- "At bumabautismo rin naman si Juan sa Enon…sapagka't doo'y maraming tubig…" (Juan 3:23)
- "Tayo nga'y nangalibing na kalakip niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan…" (Mga Taga Roma 6:4)
- "…nangalibing na kalakip niya sa bautismo…" (Colosas 2:12)

***B. Ang Pormula sa Bautismo: Sa Pangalan ni Hesus***

- "mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesuscristo…" (Mga Gawa 2:38)
- "sila'y nangabautismuhan lamamg sa pangalan ng Panginoong Jesus" (Mga Gawa 8:16)
- "At inutusan niya sila na magsipagbautismo sa pangalan ni Jesucristo…" (Mga Gawa 10:48)
- "…ikaw ay magbautismo… na tumatawag sa kaniyang pangalan" (Mga Gawa 22:16)

**III. Pangwakas**

***A. Ang Nagiisang Pangalan sa Mateo 28:19***

"Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin**.** Dahil ditto magsiyaon kayo…na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo" (Mateo 28:18-19)

"…sa araw na yao'y magiging ang Panginoon ay isa, at ang kaniyang pangalan ay isa" (Zacarias 14:9)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- At ipangaral sa kaniyang _______ ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa (Lucas 24:47)
- At nang kanilang marinig ito, ay nangapabautismo sila sa pangalan ng Panginoong __________. (Mga Gawa 19:5)

# ARALIN 14
## BAUTISMO SA ESPIRITU SANTO

**I. Panimula**

***A. Ang Bautismo sa Espiritu Santo ay Isang Pangako***

- "ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman" (Joel 2:28)
- "…siya ang sa inyo'y magbabautismo sa Espiritu Santo at sa apoy" (Mateo 3:11)
- "…tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo (Mga Gawa 2:38)

***B. Karanasan ng Iglesiang Naitayo sa Araw ng Pentecostes***

- "magsipanatili kayo...hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galling sa itaas" (Lucas 24:49)
- "…kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paparito sa inyo" (Juan 16:7)
- "nang dumating ang kapanahunan…sinugo ng Dios ang Espiritu…"(Mga Taga Galacia 4:4-6)

**II. Nilalaman**

***A. Kahalagahan at Pangangailangan***

1. Bahagi ng Karanasang Kapanganakang Muli – Juan 3:5
2. Kapangyarihang Kumilos (Magpatotoo) – Mga Gawa 1:8
3. Proseso upang Ariing-ganap Niya – Mga Taga Roma 8:9
4. Ang Selyo ng Dios – Mga Taga Efeso 1:13-14

**B. *Ang Pagsasalita ng Iba't Ibang Wika ay Paunang Senyales***

- "mangagsasalita sila ng mga bagong wika" (Marcos 16:17)
- "At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba't ibang wika" (Mga Gawa 2:4)
- "…Sapagka't nangarinig nilang nangagsasalita ang mga ito ng mga wika…" (Mga Gawa 10:45-46)

**III. Pangwakas**

"…Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo" (Juan 20:22)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- …at may iba't ibang ______ ay sasalitain niya… (Isaias 28:11)
- …ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang ______ (Juan 14:26)
- …sa pagpapabanal ng __________ (1 Pedro 1:2)
- …tayo'y nanganananahan sa kaniya at siya'y sa atin, sapagka't binigyan niya tayo ng kaniyang Espiritu (1 Juan 4:13)

# YUGTO II

# MGA DOKTRINA PATUNGKOL SA KRISTYANONG PAMUMUHAY

# ARALIN 15
## ANG IGLESIA

**I. Panimula**

***A. Ano ang Iglesia?***

- Ito ay nanggaling sa Gryigeong salita: “ecclesia” na ang ibig sabihin ay “ang mga tinawag/hinirang”

**II. Nilalaman**

***A. Itinuturing ng Biblia ang Iglesia bilang:***

1. Katawan ni Kristo – I Mga Taga Corinto 12:27
2. Kasintahang Babae ni Kristo – Apocalipsis 21:2; 21:9
3. Mga Mananampalataya at Tagasunod ni Kristo

***B. Sino ang Iglesia?***

*Ang mga binaggit nating talata ay malinaw na nagsasabing:*

- Ang iglesia ay hindi pisikal na istruktura kung saan nagtitipon ang mga tao.
- Ang iglesia ay hindi relihiyon o mga relihiyosong pagkakaanib.
- Ang iglesia ay kahit sinomang nananampalataya kay Jesucristo, na nagsisi ng kaniyang mga kasalanan, na nabautismuhan sa pangalan ni Jesus, na tumanggap ng bautismo sa Espiritu Santo at namumuhay ng may kabanalan.

**III. Pangwakas**

***A. Mayroon bagang pagtatalo sa Biblia na hinahati ang Iglesia sa iba’t ibang lugar?***

- “May isang katawan, at isang Espiritu, gaya naman ng pagkatawag sa inyo sa isang pagasa ng pagtawag sa inyo; Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bautismo” (Mga Taga Efeso 4:4-5)

- Walang pagtatalu-talo; mayroon lamang isang iglesia; isang katawan ni Kristo
- “Sapagka’t kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila.” (Mateo 18:20)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

• Bagaman tayo’y marami, ay _____ lamang tinapay, ______ katawan: sapagka’t tayong lahat ay nakikibahagi sa ____ lamang tinapay (I Mga Taga Corinto 10:17)

# ARALIN 16
## BAGONG BUHAY

**I. Panimula**

***A. Ang Lahat ng mga Bagay ay Pawang Bago Na***

- "Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang… narito, sila'y pawang naging mga bago" (II Mga Taga Corinto 5:17)
- "Sapagka't ang lahat na sa inyo ay binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo" (Mga Taga Galacia 3:27)
- "Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa…" (Ezekiel 36:26)

**II. Nilalaman**

***A. Ang mga Plano at mga Pangako ng Dios***

- "…sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan" (Josue 1:8)
- "Sapagka't nalalaman ko ang mga pagiisip na aking iniisip sa inyo…" (Jeremias 29:11)
- "…ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan…" (Juan 14:27)

***B. Bakit Kailangang Lumago***

- Ang Kristyanong Pamumuhay ay hindi natatapos sa bautismo; ito ay nagsimula pa lamang. Ang Biblia ay nagtuturo ng kahalagahan ng pagpapatuloy:
  1. Kagaya ng isang Takbuhin – Mga Hebreo 12:1
  2. Kagaya ng isang Puno – Mga Awit 1
  3. Kagaya ng isang Bahay – Lucas 6:47-49

**III. Pangwakas**

***A. Mga Tungkulin ng isang Kristyano***

- Nakikilala ang tao batay sa mga bagay na kaniyang ginagawa. Katulad nito, ang Kristyano ay nakikilala rin sa mga bagay na kaniyang ginagawa – panalangin atbp. Ang mga gampanin na ito ang siyang nagpapalago sa isang Kristyano.

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- Ang magtiis hanggang sa wakas ay siyang ______ (Mateo 24:13)
- …kayo'y kababayan na kasama ng mga ______... (Efeso 2:19)

# ARALIN 17
## PANALANGIN

**I. Panimula**

***A. Ano ang Panalangin?***

- Ang panalangin ay dalawang-daluyang pakikipagusap sa Dios
- Ang panalangin ay ugnayan o koneksyon ng isang espiritu sa Espiritu ng Dios.

**II. Nilalaman**

***A. Mga Pangunahing Bagay ukol sa Panalangin***

1. ‘Wag gumamit ng walang kabuluang pauliulit – Mateo 6:7
2. ‘Wag manalangin na mayroong maling mutibo – Mateo 6:5-6
3. Manalangin sa pangalan ni Hesus – Mga Taga Colosas 3:17
4. Maaaring manalangin ng kahit anuman sa Dios – Juan 14:14
5. Manalangin ng walang patid – I Mga Taga Tesalonica 5:17

***B. Huwaran para sa Panalangin – Mateo 6:9-13***

**A –** *Adoration* (Pagsamba)
**C** – *Confession* of Sins (Paghingi ng Tawad sa mga Kasalanan)
**T** – *Thanksgiving* (Pasasalamat)
**S** – *Supplication* (Pananaing)

***C. Ang Mga Pangako ng Dios***

- “Tumawag ka sa akin, at ako’y sasagot sa iyo” (Jeremias 33:3)
- “Magsihingi kayo, at kayo’y bibigyan” (Mateo 7:7)
- “Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin…inyong kakamtin” (Marcos 11:24)
- “anomang hingin mo sa Dios, ay ipagkakaloob sa iyo ng Dios” (Juan 11:22)

**III. Pangwakas**

***A. Ang Utos upang Manalangin***

- “…dapat magsipanalanging lagi…” (Lucas 18:1)
- “Magsipanalanagin kayong…” (I Mga Taga Tesalonica 5:17)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- Kung pagkasunduan ng _________ sa inyo…anomang bagay na kanilang hihingin… ay gagawin sa kanila… (Mateo 18:19)
- At ang ________ inyong hingin… aking gagawin (Juan 14:13)
- …maningas na ________ ng taong matuwid (Santiago 5:16)

# ARALIN 18
## SALITA NG DIOS

**I. Panimula**

***A. Kainin ang Salita***

"...Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang lumalabas sa bibig ng Dios." (Mateo 4:4)

- Ang tao'y naglalaman ng dalawang bahagi: pisikal (katawan) at espiritwal (espiritu at kaluluwa)
- Ang pisikal na katawan ay nangangailangan ng pagkain at iba pang mga pangangailan upang mabuhay. Gayundin naman ang espiritwal na katawan; kailangan natin ng Salita ng Dios upang mabuhay bilang isang Kristyano.
- "Gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay nasain ninyo ang gatas…upang…magsilago kayo" (I Pedro 2:2)

**II. Nilalaman**

***A. Ang mga Pangako ukol sa Kaniyang Salita***

- "ang lahat ng pagpapalang ito ay darating sa iyo…kung iyong didinggin ang tinig ng Panginoon mong Dios" (Deut. 28:2)
- "…kung magkagayo'y iyong pagiginhawain ang iyong lakad, at…magtatamo ka ng mabuting kawakasan." (Josue 1:8)
- "…anumang kaniyang gawin ay giginhawa" (Awit 1:3)
- "…walang madudulas sa kaniyang mga hakbang" (Awit 37:31)
- "Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti" (II Timoteo 3:17)
- "…upang sila'y magkaroon ng karapatan sa punong kahoy ng buhay, at makapasok sa bayan…" (Apocalipsis 22:14)

**III. Pangwakas**

***A. Ano ang ating dapat gawin sa Salita ng Dios?***

1. "Hanggang ako'y pumariyan…<u>pagbasa</u>" (I Timoteo 4:13)
2. "Ang aklat na ito… iyong <u>pagbubulayan</u>" (Josue 1:8)
3. "<u>Saliksikin</u> ninyo ang mga kasulatan" (Juan 5:39)
4. "<u>Pagaralan</u>" (II Timoteo 2:15)
5. "Maging <u>tagatupad</u> kayo ng salita" (Santiago 1:2)

**Takdang Aralin:** Ilagay ang iyong paboritong talata mula sa Biblia:

# ARALIN 19
## PAGAAYUNO

**I. Panimula**

***A. Ano ang Pagaayuno?***

- Ito ay nanggaling sa Hebreong salita na: "tsom" na ang ibig sabihin ay pagtanggi sa sarili
- Pagkain ng kaunti o pagiwas sa ilang pagkain
- Pagiwas sa pagkain o mga bagay sa loob ng tiyak na panahon

**II. Nilalaman**

***A. Mga Uri ng Pagaayuno***

1. Ang Karaniwang Pagaayuno – Mga Hukom 20:26
   - Hindi pagkain sa loob ng tiyak na panahon
2. Ang Ganap na Pagaayuno – Mateo 4
   - Hindi pagkain at paginom sa loob ng tiyak na panahon
3. Bahaginang Pagaayuno – Daniel 1; Daniel 10
   - Paglaktaw sa oras ng kain; 'di pagkain ng ilang uri ng pagkain

***B. Mga Espiritwal na Pakinabang sa Pagaayuno***

1. Ang pagaayuno ay tumutulong labanan ang mga pita ng laman – Halimbawa ni Pablo sa II Corinto 11:27; I Corinto 9:27
2. Tinutulungan tayo ng pagaayuno na maging mapagkumbaba sa harapan ng Dios – Isaias 58:5
3. Binibigyan tayo ng determinasyon sa paghingi ng mga bagay sa Dios – Joel 2:12
4. Ang pagaayuno ay isang paraan para ihayag sa Dios kung gaano tayo kagutom sa mga bagay na makalangit higit sa mga bagay na makalaman – Mga Taga Galacia 5:16-17

***C. Mga Pisikal na Pakinabang sa Pagaayuno***

1. Binibigyang aliwalas ang ating kaisipan
2. Binibigyang pahinga ang ating katawan
3. Tumutulong na itigil ang mga pagkaka-adik

**III. Pangwakas**

"Ang ganito ay hindi mapapalabas ng anoman, maliban sa pamamagitan ng panalangin at pagaayuno" (Marcos 9:29)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- Ester 4; Daniel 9

# ARALIN 20
## PAPURI AT PAGSAMBA

### I. Panimula

***A. Ano ang Pagsamba?***

- Ang pagsamba ay tumutukoy sa kundisyon ng puso. Ito ay paloob; hindi ito nakikita ng mga mata. Ito ay isang espiritwal na aktibidad na lumilikha ng espiritwal na ugnayan sa Dios.

***B. Ano ang Papuri?***

- Ang papuri ay tumutukoy sa panglabas na kapahayagan ng pagsamba. Ito ang nararapat na kasama ng anumang bagay na nasa puso ng isang tao tungo sa Dios. Ito ay maaaring nasa anyo ng pagawit, pagpalakpak, pagtaas ng kamay at iba pa.

### II. Nilalaman

***A. Mga Kaparaanan sa Pagpupuri***

- "Oh magsiawit kayo sa Panginoon ng bagong awit" (Awit 96:1)
- "Purihin ninyo siya ng tunog ng pakakak: purihin ninyo siya ng salterio at alpa…ng pandereta at sayaw" (Mga Awit 150:3-4)
- "Purihin nila ang kaniyang pangalan sa sayaw" (Awit 149:3)
- "Itaas ninyo ang inyong mga kamay…at purihin…" (Awit 134:2)
- "Oh ipakpak ang inyong mga kamay" (Awit 47:1)
- "…magsihiyaw kayo sa Dios…" (Awit 47:1)

***B. Ang Kahalagahan ng Papuri at Pagsamba***

1. Ito ay espiritwal na pakikipagugnayan sa Dios
2. Kailangan ito para tanggapin ang bautismo sa Espiritu Santo
3. Ito ang tamang tugon sa kalikasan ng Dios
4. Ito ay utos na galing sa Dios

### III. Pangwakas

- "Ako'y magpapasalamat sa iyo; sapagka't nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas" (Awit 139:14)
- "Kayo'y isang lahing hirang…upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo…" (I Pedro 2:9)

**Takdang Aralin:** Maglista ng iba pang mga kaparaanan kung saan maaari nating ipahayag ang pagsamba sa Dios.

# ARALIN 21
## PAKIKIPAGSAMA

**I. Panimula**

***A. Ano ang Pakikipagsama?***

- Isang relasyon kasama ang tiyak na tao o grupo ng mga nilalang na mayroong kaparehong hangarin o nararamdaman; isang ugnayan

**II. Nilalaman**

***A. Kanino tayo makikisama?*** Mga Hebreo 12:14

1. Dios
2. Kapwa

***B. Paano tayo magkakaroon ng Pakikipagsama?***

1. Personal at Araw-araw na Ugnayan sa Dios – Josue 1:8; Awit 1:2

2. Pagdalo sa mga Pagtitipun-tipon

- “Alalahanin moa ng araw ng Sabbath upang ipangilin” (Exodo 20:8)
- “Sapagkat isang araw sa iyong mga looban ay mabuti kay sa isang libo…sa mga tolda ng kasamaan” (Awit 84:10)
- “Ako’y natutuwa nang kanilang sabihin sa akin, tayo’y magsiparoon sa bahay ng Panginoon” (Awit 122:1)
- “Huwag nating pabayaan an gating pagkakatipon…kundi mangagaralan sa isa’t isa…” (Mga Hebreo 10:25)

**III. Pangwakas**

***A. Ang Kahalagahan ng Pakikipagsama***

1. Pinalalakas nito ang relasyon sa Dios at sa iglesia
2. Binibigyan tayo nito ng pakiramdam na tayo’y kabahagi ng malaking pamilya ng Dios
3. Pinalalakas tayo nito

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- ___________ nga kayo sa isa’t isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa’t isa ang ____… (Santiago 5:16)

- ________ ay maigi kay sa isa… (Ang Mangangaral 4:9)

# ARALIN 22
## PAGIGING KATIWALA NG SALAPI

**I. Panimula**

***A. Pagiging May-ari at Pagiging Katiwala***

Ang Dios (May-ari) – "Ang lahat ng mga bagay ay ginawa sa pamamagitan niya…" (Juan 1:3)

Ang Tao (Katiwala) – "At sila'y binasbasan ng Dios…at sa kanila'y sinabi…magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat…at sa bawat hayop…" (Genesis 1:28)

| MAY-ARI | KATIWALA |
|---|---|
| may karapatan sa ari-arian | pamamahala lamang |
| walang pananagutan | may pananagutan |

**II. Nilalaman**

***A. Pagiging Katiwala ng Salapi***

- "Hindi makakatanggap ng anoman ang isang tao, malibang ito'y ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit" (Juan 3:27)
- Ang Dios ay nagtakda ng mga palatuntunan upang ang tao'y maging mabuting katiwala ng salaping pinagkatiwala Niya

***B. Ikapu***

- "Ikapu" = ikasampung bahagi (10%) ng lahat ng tubo
- "…sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo" (Genesis 28:22)
- "lahat ng ikasangpung bahagi… ay sa Panginoon" (Levitico 27:30)
- Ang hindi pagdala ng ikasangpung bahagi sa tahanan ng Dios ay itinuturing na pagnanakaw – Malakias 3:8-10

***C. Handog***

- "Handog" = pagbibigay ayon sa kagustuhan at sa puso
- "Magbigay kayo, at kayo'y bibigyan…" (Lucas 6:38)
- "Magbigay ang bawat isa sa inyo ayon sa ipinasiya ng kaniyang puso…sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay ng masaya." (II Mga Taga Corinto 9:7)

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- Ang naghahasik ng ____ ay magaani namang ___ (II Corinto 9:6)
- Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga ___ (Mateo 6:24)

# ARALIN 23
## KABANALAN

**I. Panimula**

***A. Ano ang Kabanalan?***

- Isa sa mga pangunahing katangian ng Dios – Levitico 11:45
- Kapag tumutukoy sa Dios, ang ibig sabihin ay tiyak na kasakdalan
- Kapag tumutukoy sa tao o sa mga bagay, ang ibig sabihin ay pagbukod o pagtalaga

**II. Nilalaman**

***A. Ang Pamumuhay ng may Kabanalan ay Mahalaga sa Kaligtasan***

- "Sundin ninyo…ang pagpapakabanal na kung wala ito'y sinoman ay di makakakita sa Panginoon" (Mga Hebreo 12:14)
- "ang laman ay nagnanasa ng laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman…" (Mga Taga Galacia 5:17)

***B. Ang Kabanalan ay Ibinibigay ng Espiritu Santo***

- "Hinirang…ayon sa…pagpapabanal ng Espiritu " (I Pedro 1:2)

***C. Tatlong Tagapagturo ng Kabanalan***

1. Espiritu Santo – Juan 14:26
2. Mga Pastor at mga Tagapagturong puspos ng Banal na Espiritu – Mga Taga Efeso 4:11-12
3. Ang Biblia – II Timoteo 3:16-17

**III. Pangwakas**

***A. Tatlong Pangunahing Prinsipyo***

1. Huwag makiayon sa sanglibutan – Mga Taga Roma 12:2
2. Layuan ang anyo ng masama – I Mga Taga Tesalonica 5:22
3. Maging mapagpigil sa lahat ng mga bagay – I Mga Taga Corinto 9:25

**Takdang Aralin | Mga Karagdagang Talata**

- Kayo'y ____________; sapagka't ako'y banal (I Pedro 1:16)

- Hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa __________ ay pakikipagaway sa ______? (Santiago 4:4)

- Kung tayo'y nangabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, ay mangagsilakad naman tayo ayon sa ________ (Mga Taga Galacia 5:25)

# ARALIN 24
## PAGAAKAY NG KALULUWA

**I. Panimula**

***A. Ano ang Pagaakay ng Kaluluwa?***

- Anumang kaparaanan na maaaring gawin ng isang tao upang dalhin ang kapwa sa Panginoong Hesus at ito'y magpasakop sa mga hakbanging kailangang gawin para magtamo ng kaligtasan

**II. Nilalaman**

***A. Bakit kailangang Magakay ng Kaluluwa?***

1. Ito ang nasa puso at kaisipan ni Cristo.
   "Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala" (Lucas 19:10)

2. Ito ay paraan upang magpasalamat sa kaligtasang natamo.
   "Kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, baying pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman…" (I Pedro 2:9)

3. Ito lamang ang paraan upang ang tao'y maligtas.
   "…paano silang magsisisampalataya sa kaniya na hindi napakinggan? at paano silang mangakikinig na walang tagapangaral?" (Mga Taga Roma 10:14)

***B. Sino ang ating aakayin?***

1. Ang 'Di Mananampalataya (Ligaw na Tupa) – Lucas 15:1-7
2. Ang Natisod (Nawawalang Pilak) – Luke 15:8-10
3. Ang Tumalikod sa Dios (Alibughang Anak) – Lucas 15:11-24
4. Ang Nawawala sa Loob ng Tahanan (Nakatatandang Anak) – Lucas 15:25-32

***C. Ang Utos na Humayo***

- "…magsiyaon nga kayo…" (Mateo 28:19)
- "Idalangin nga ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin" (Mateo 9:38)
- "…kayo'y magiging mga saksi ko…" (Mga Gawa 1:8)

**Takdang Aralin:** Maglista ng mga pangalang nais mong ipanalangin at akayin sa Dios.

# **MUNTING PAALALA**:

Ang munaklat na ito ay protektado ng *United Pentecostal Church of Tondo* bilang siyang may-akda ng anumang nakasulat rito. Sa kadahilanang ito, hinihiling ng iglesia na huwag kopyahin ang anumang laman nito at gamitin upang kumita ng anumang halaga.

Bukod sa batas ng Republika ng Pilipinas na pinuprotektahan ang anumang ari-ariang intelektwal ng mga may-akda, ang pagkopya ay itunuturing din na uri ng pagnanakaw. Ang pagnanakaw ay may kaukulang parusa na naaayon sa batas.

Kung nais na magkaroon ng kopya ng munaklat na ito at ng iba pang mga materyales upang magamit sa pagpapalawak ng evangelio at iba pang mga *resonableng* dahilan, mangyari lamang na kami'y tawagan gamit ang mga detalyeng nakasulat sa likuran nito.

Maraming salamat po.